



Ang iyong mga karapatan sa Victoria at sino ang makakatulong

Mga karapatang pantao

Sa Victoria labag sa batas ang hindi makatwirang pagtrato sa iyo ng ibang tao dahil sa iyong lahi, relihiyon, sex, mga paniniwalang pulitikal at marami pang ibang bagay. Mayroon ka ring mga karapatan, tulad ng karapatang maging ligtas, makatwirang pagtrato, mabuhay ayon sa iyong relihiyon at kaluguran ang iyong kultura at pamilya.

Ang mga ito ay tinatawag na 'mga karapatang pantao' at bawa't isa ay may magkakatulad na karapatan sa Victoria, kahit saan ka ipinanganak.

Diskriminasyon

Labag din sa batas na tratuhin ka nang kakaiba o hindi makatwiran kung ito ay mangyayari sa mga lugar na tulad ng iyong trabaho, sa inuupahang bahay, sa paaralan, sa shop o sa restaurant o kung naglalaro ng isport.

Hindi ka maaaring tratuhin nang hindi makatwiran ng mga tao dahil :

- sa kulay ng iyong balat, kultura o lahi, pinagmulan ng pamilya o sa bansang iyong pinanggalingan
- sa iyong relihiyon, mga relihiyosong paniniwala o aktibidad. Halimbawa, hindi ka maaaring tratuhin nang naiiba dahil dumadalo ka mosque, synagogue o simbahan. OK din na wala kang mga relihiyosong paniniwala
- sa kapansanan, sakit o kapinsalaan. Halimbawa, kung mayroon kang kapansanan o sakit makakahingi ka ng ibang pakikipag-ayos sa trabaho nang hindi mapaparusahan at kailangan ng iyong boss na gumawa ng risonableng pakikipag-ayos para magawa mo ang iyong trabaho

- ikaw ay magulang o tagapag-alaga. Halimbawa, kung nag-aalaga ka ng mga bata o mga miyembro ng pamilya mahihingi mong magtrabaho sa ibang oras o lumiban sa pagpasok upang alagaan ang mga bata o mga miyembro ng pamilya
- sa iyong edad. Halimbawa, kung nag-aplay ka sa trabaho hindi nila maaaring sabihin na masyado kang matanda o masyadong bata para sa trabaho
- ikaw ay lalaki o babae
- ikaw ay buntis o nagpapasuso. Halimbawa, OK na magpasuso sa isang lugar na publiko tulad ng kapihan o palaruan, maaari mong piliin na magtrabaho kung buntis ka o nagpapasuso
- sa sekswal na aktibidad na OK sa batas. Halimbawa, hindi ka maaaring tratuhin nang hindi makatwiran dahil sa kapareha mo sa sex
- sa iyong sekswal na oryentasyon o kasarian. Halimbawa, ang mga bakla, tomboy, bisexual, transsexual, transgender, kakaktuwa at heterosexual ay mayroong magkakatulad na karapatan
- sa katayuang matrimonyal (marital status). Hindi tinitingnan kung ikaw ay may asawa, diborsiyado, walang asawa o may kinakasama, dapat ka ring tratuhin nang makatwiran
- sa iyong pisikal na katangian. Halimbawa, hindi ka maaaring tratuhin nang hindi makatwiran dahil sa iyong taas, timbang, laki, buhok o mga mantsa ng balat (birthmarks) mula sa pagkapanganak
- ang mga aksiyon mo tungkol sa mga karapatan sa trabaho. Halimbawa, hindi ka maaaring tanggalin o parusahan dahil sa mga pagtatanong o pagsasalita mo tungkol sa iyong mga problema sa trabaho

- aktibidad ng unyon. Halimbawa, hindi ka maaaring tanggalin dahil sa pagiging miyembro ng trade union o sa pagwewelga
- ang iyong pulitika, mga pulitikal na paniniwala o mga aktibidad o dahil hindi ka sumasali sa mga pulitikal na aktibidad

Labag din sa batas na tratuhin mo nang kakaiba ang isang tao batay sa isa sa mga dahilang ito.

Kung gusto mo ng karagdagang impornasyon tungkol sa iyong mga karapatang pantao o tungkol sa diskriminasyon at kung ano ang iyong magagawa kung kailangan mo ng tulong, maaari mong tawagan ang Commission sa **1300 292 153** o para sa interpreter, tumawag sa **1300 152 494**.

Hindi ka maaaring parusahan o tratuhin nang hindi makatwiran dahil sa paghingi mo ng tulong sa amin o pagrereklamo, at ang mga tao lamang na may kinalaman sa reklamo ang makakaalam tungkol dito. Ang paghahain ng reklamo ay hindi nangangahulugan na haharap ka sa korte.

Maaari mo ring bisitahin ang **humanrightscommission.vic.gov.au** para sa higit pang impormasyon. Nagbibigay din kami ng libreng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa mga publikong lugar, sa trabaho at sa mga organisasyong panggobyerno.



**Victorian Equal Opportunity
& Human Rights Commission**

Need more information?

Contact the Commission:

Enquiry Line 1300 292 153 or (03) 9032 3583
 Fax 1300 891 858
 TTY 1300 289 621
 Email enquiries@veohrc.vic.gov.au
 Website humanrightscommission.vic.gov.au

Accessible formats

This publication is available to download from our website at humanrightscommission.vic.gov.au/resources in PDF and RTF. Please contact the Commission if you require other accessible formats.

We welcome your feedback!

Were these resources useful? Easy to use? Would you like to see something else included? Please email us at communications@veohrc.vic.gov.au.

Published by the Victorian Equal Opportunity and Human Rights Commission, Level 3, 204 Lygon Street, Carlton Victoria 3053. May 2013.

Disclaimer: This information is intended as a guide only. It is not a substitute for legal advice.